Moorebank Intermodal Precinct

Filipino



**Ang Moorebank Intermodal Precinct (ang Precinct) ay isa sa mga pinakamahalagang pang-industriya at intermodal na presinto sa Australya. Ang laki at kapasidad ng presinto ay isang kauna-unahan sa Australya at magpapabago sa daloy ng produkto at serbisyo sa bansa, na mag-aalis sa sampu-sampong libong mga trak na gumagamit sa mga daan, pati na rin ang pagpapababa ng mga gastos para sa mga negosyo at mamimili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas mahusay at napapanatiling pagproseso at paghahatid ng kalakal.**

## Update para sa Disyembre 2023

### Mga numero sa 2023

Maayos na nagpapatuloy ang konstruksyon sa Moorebank Intermodal Precinct. Sa kasalukuyan, nakumpleto ng proyekto ang:

| 121,000 | 162,000 | 16,000 |
|---|---|---|
| Metro kuwadrado ng mga Bagong Paupahan | Metro kuwadrado ng mga Nakumpletong Bodega | Naikabit na mga Solar Panels |
| Mahigit na 121,000 metro kuwadrado ng mga bagong paupahan kabilang ang mga malalaking paupahan para sa Qube Logistics, Maersk, at Sydney Tools. | 162,000 metro kuwadrado ng mga nakumpletong bodega sa buong Warehouse E6, E7 at Wool-worths National Distribution Centre (NDC). | Pagkakabit ng mahigit na 16,000 na mga solar panel sa buong presinto. |

### Interstate na Terminal ng Tren

Ang pagpapatayo ng Interstate na Terminal ng Tren ay maayos na nagpapatuloy at nasa takdang oras para sa pagsisimula ng operasyon sa 2024.



Mga gawaing bungkal-lupa sa Moorebank Precinct West

## Pagsulong ng Bodega at Imprastraktura

Malapit nang makumpleto ang pagpapatayo sa dalawang mga bodega sa hilagang-kanlurang sulok ng Moorebank Precinct West (MPW). Inaasahang matatapos ang mga bodegang ito pagsapit ng Abril 2024. Ang pinakahilagang bodega (N1) ay naupahan ng Maersk, at ang bodega sa tabi nito (N2) ay naupahan ng Sydney Tools.

Kasunod ng pagtatapos ng mga bodegang ito, ang susunod na yugto ng pagsulong ay pagtutuunan ng pansin ang mga Timog na Bodega ng MPW na S1, S2 at S5 – ang tatlong mga bodegang kagyat na patimog ng Woolworths NDC. Depende sa mga pag-aapruba, inaasahan naming maumpisahan ang pagpapatayo sa unang bahagi ng 2024.

## Trabaho sa Kapaligiran

Noong 2023, nagawa ang mahalagang pag-unlad sa pagpapabuti ng mga ekolohikal na halaga ng Moorebank Biodiversity Offset Areas. Sa Moorebank Offset Area, ang mga pagsisikap ay nakatuon sa pagpapabuti ng habitat (mga tirahan) sa pamamagitan ng pag-aalis sa mga mapagsalakay na damo at mga kakaibang species. Ang mga lugar na inalis ang mga damo ay nakahanda nang manmanan para sa rehabilitasyon ng mga katutubong species, at tinututukang pag-aalis ng sukal na damo kung kinakailangan.

Ang pangangasiwa sa mga nabubuhay sa tubig na mga damo at ang nakadirektang pagpuksa ng Lantana ay isinasagawa rin sa Lot 100, sa tabi ng Georges River. Noong 2024 karagdagang pag-aalis ng sukal na damo ay isasagawa kasama ang mga madiskarteng paglalagay ng mga tuod ng puno — inalis mula sa labas ng lugar na biodiversity — at muling pagtatanim ng mga katutubong species upang mas lalong mapabuti ang habitat ng lugar.



Mga katutubong hayop sa Moorebank Intermodal precinct.







Noong Oktubre, kinilala ng Moorebank Intermodal Precinct ang Pambansang Ligtas na Buwan ng Trabaho (National Safe Work Month)—isang panahon upang ipatupad ang pagsasagawa ng isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho. Sa pakikipagtulungan sa Woolworths, ang mga on-site na pangkat ay dumalo sa isang Safe Work Month barbeque at 'Safety STOP' (Safety STOP) upang dagdagan ang kamalayan ng kaligtasan sa trabaho. Ang kaganapang ito ay nagbigay ng isang oportunidad para sa mga pangkat ng MIP na makipag-ugnay, magbahagi ng mga pananaw, at higit na matutunan ang tungkol sa mga paraan kung paano natin patuloy na mapabuti ang pangangasiwa ng kaligtasan at kapakanan sa buong presinto.



Woolworths Moorebank National Distribution Centre at Regional Distribution Centre.

## Mga Oras ng Operasyon at Konstruksyon

Ang aprubadong mga oras ng operasyon sa Intermodal Facility (kabilang ang Rail Link at Pagbobodega ng Import Export Terminal,) ay 24 oras, 7 araw sa isang linggo.

### Mga Pagtrabaho sa Dis-oras

Ang aming mga gawain ay karaniwang isinasagawa sa loob ng karaniwang oras ng konstruksyon, gayunpaman maaaring mayroong mga partikular na aktibidad o hindi maiiwasang mga pangyayari na mangangailangang magtrabaho sa labas ng oras-opisina upang mabawasan ang epekto sa komunidad, mga gumagamit ng daan at mga lokal na negosyo.

Ang mga pagtatrabahong ito ay i-aabiso nang maaga sa pamamagitan ng website at isang letterbox drop sa mga apektadong residente at negosyo.

**Ang aprubadong karaniwang oras ng trabaho sa konstruksyon ay:**

**Moorebank Precinct West**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-8 ng umaga –
ika-1 ng hapon

**Moorebank Precinct East**
Lunes hanggang Biyernes:
ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
Sabado: ika-7 ng umaga –
ika-1 ng hapon

## Pakikipag-ugnayan

Upang makipag-ugnay, humiling ng impormasyon o magreklamo:

**TUMAWAG SA AMIN**
1800 986 465

**MAG-EMAIL SA AMIN**
moorebank@tsamgt.com

**SUMULAT SA AMIN**
Level 15, 207 Kent Street,
Sydney, NSW, 2000

Para sa karagdagang impormasyon,
mangyaring bumisita sa aming website **moorebank.au**

